**Pamagat**: Ang Kalagayan ng Mananampalataya

**Bible Text**: Ephesians 1:6 "To the praise of the glory of his grace, wherein he hath made us accepted in the beloved."

*Pagsasalin*: Ito ay sa kapurihan ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na kung saan tayo ay ginawa niyang katanggap-tanggap sa kaniyang minamahal.

**Panimula**:

1. Tila simple ang katotohanan na si Christo ay ang ating kaligtasan at buhay at maliban sa Kanya ay walang kaligtasan – ngunit maraming mga tao ang hindi nakakaunawa ng ibig sabihin nito.
2. Si Jesus lamang ang nagbigay lugod sa Dios Ama, siya lamang ang tumupad sa bawat kudlit at tuldok ng batas, tinapos at complete niya ang gawa ng Dios at dahilan kung bakit siya ay isinugo. Siya lamang ang nagpalugod sa katuwiran ng Dios, sa kabanalan ng Dios, at sa hustisya ng Dios. KUNG ano ang dinedemanda ng Dios, ang Dios lamang ang maaring tumupad nito.
3. Hindi kailangan ng Dios ang gawa ng tao. Ang habol ng Dios ay ang puso ng tao – at sa oras na ibigay ng makasalanang tao ang kanyang puso sa Dios – papalitan ng Dios ang kanyang puso at bibigyan siya ng bagong puso – bagong buhay!
4. Kaya sa Bible Text natin – itong mga salita ay napaka importante at iisa-isahin natin ang mga ito at makikita natin ang kalagayan ng mananampalataya. – HE HATH MADE US ACCEPTED IN THE BELOVED.

I. **"He" – Ating Mapagpalang Tagapagbigay.**
   A. Ang pinagmulan ng kaligtasan natin ay ang Dios Ama.
   B. Ipinagkaloob Niya ang kanyang Anak dahil wala nang iba pang paraan ang maaring mag dulot ng kaligtasan.
   C. (Romans 5:8; James 1:17). Ang kaligtasan ay nagsisimula sa Kanya – kay "He."

II. **"Hath" – Ating Mahalagang Katiyakan**.
   A. Ang ibig sabihin ng "hath" ay ngayon na rin. Hindi ito sa susunod, sa hinaharap, hindi ito "maari."
   B. (John 3:18; 3:36; Romans 8:1)

III. **"Made" – Ang Mananampalataya ay Gawa ng Ating Dakilang Tagagawa.**
   A. Ginawa ng Dios Ama na makasalanan ang Anak para sa atin. (2 Corinthians 5:21)
   B. Ang mga kayang gawin ng tao ay hindi sapat – kaya po na rijek sila Adan at Eba sa Garden – dahil wala silang kayang gawin upang maibalik nila ang kalagayan nila bago sila bumagsak sa kasalanan.
   C. Halimbawa – face shield ko made in Cotabato – "bambuhay" – Ganito rin ang Christiano – MADE IN CHRIST!

IV. **"Us" – Tayo – Ang Hindi Karapat-dapat o Alangan na Tagatanggap.**
   A. Dapat tanungin natin ang ating sarili – kalian ba tayo inibig ng Dios? Ang sagot ng Biblia – habang tayo ay makasalanan pa. (Romans 5:6-11)
   B. Ang hustisya para sa atin ay impyerno – pero ang grasya ng Dios ay dumating sa atin – at ang lahat ng tao ay maaring makamtan ang buhay na walang hanggan, kung magtitiwala siya o sumampalataya siya kay Jesus lamang.

V. **"Accepted" – Ito Ang Maluwalhati o Maringal na Kalagayan ng Mananampalataya**
   A. Sa Greek ang ibig sabihin ng "accepted" ay hindi lamang tinanggap kundi ipinagkaloob ng karangalan.
   B. "charitoo" – dalawang beses lang ito ginamit sa bagong tipan. Yun isa pang beses ay kay Maria (Lk. 1:28) – highly favoured – mataas na kinalugtan or mataas na ipinagpala. Ganito ang turing ng Dios sa lahat ng Kanyang mga anak.
      B.1. Kailangan maunawaan ng tao ang kasalanan, at ang kabayaran nito.
      B.2. Kailangan makita niya na si Christo ang inialay ng Dios para sa kanya.
      B.3. Kailangan niya na maunawaan na wala siyang maaring gawin kundi tanggapin si Jesus lamang.
   C. Ito ay Biblical salvation – Si Cain hindi accepted (Genesis 4:7); pero kapag may tamang sacrifice pwede siyang maging accepted (Leviticus 1:4).

VI. **"In" – Ang Kamangha-manghang Pwesto Natin Kay Christo.**
   A. Ikaw ba ay "In Christ"?
   B. Baka "in church" kalang pero hindi in Christ – baka "in religion" – hindi "in relationship with Christ."

VII. **"The Beloved" – Si Jesus ay ang Minamahal.**
   A. Kapag sumampalataya ang makasalanang tao kay Jesus – tatanggapin siya ng Dios Ama at itinuturing siyang isang anak. (John 1:12)
   B. (Matthew 3:17) – Minamahal kong Anak.
   C. (Romans 8:32; Colossians 2:10)

**Katapusan**:

1. Kung ikaw ay hindi pa sumasampalataya ng buong-buo kay Jesu-Cristo lamang – mangyari po na pagsisihan mo ang pagtitiwala sa relihiyon at gawa ng tao. (ibaling mo ang iyong mga mata kay Jesus!)
2. Kung ikaw ay Christiano – ligtas sa grasya at dugo ng Panginoong Jesus – i-dedicate mo ang iyong buong pagkatao sa Dios.